



NEWS

Treasurer and Tax Collector Keith Knox

437 Kenneth Hahn Hall of Administration, 500 West Temple Street, Los Angeles, CA 90012

Marso 16, 2020

Para sa Agarang Paglabas

Ang Tesorera at Tagakolekta ng Buwis ng Los Angeles County ay Hindi Tumatanggap ng mga Pagbabayad sa Buwis ng Aria-arian nang Personal

Ang Tesorera at Tagakolekta ng Buwis ng Los Angeles County ay hindi tatanggap ng mga pagbabayad nang personal o pagbibigay ng mga personal na buwis o mga serbisyo ng lisensya sa negosyo hanggang sa karagdagang paunawa, kasunod ng pagsasara ng lahat ng mga gusali ng County sa publiko simula Lunes, Marso 16. Kinabibilangan ng mga pasilidad na sarado na ngayon ang Kenneth Hahn Hall of Administration, kung saan matatagpuan ang mga kahera ng kagawaran, pati na rin ang mga satellite na mga tanggapan nito sa Lancaster at Valencia, kung saan nagbibigay ito ng mga serbisyong lisensya sa negosyo. Ginagawa ito bilang isang hakbang ng pag-iingat upang makatulong na mapabagal ang pagkalat ng COVID-19.

Dapat isaalang-alang ng mga nagbabayad ng buwis ang mga alternatibong pamamaraan ng pagbabayad para sa paparating na 2019-20 Annual Secured Property Tax Second installment (Taunang Pangalawang pagbabayad sa Natamong Buwis ng Ari-arian) na magtatapos sa Abril 10, kasama ang pagbabayad sa online, sa pamamagitan ng telepono o pagpapadala sa koreo ng mga pagbabayad.

"Kinikilala naming mahirap na panahon para sa lahat ito, at nananatili kaming matapat na nakatuon sa kaligtasan ng publiko at ng aming mga empleyado. Patuloy naming susubaybayan ang mga pag-unlad, ayusin kung saan kinakailangan, at ipaalam sa inyo kung kailan namin ipagpapatuloy ang mga serbisyo nang personal, kasama ang pagtanggap ng mga pagbabayad ng buwis," sabi ni Keith Knox, Tesorera at Tagakolekta ng Buwis. "Bilang karagdagan, maaaring gumamit ng aming website ang mga nagbabayad ng buwis upang ma-access ang maraming mga opsyon sa sariling-serbisyo, kabilang ang pagtitig ng mga buwis na nararapat, paghiling ng kopya ng bayarin, at pagtitig ng kasaysayan ng pagbabayad."

Walang gastos para sa mga pagbabayad sa e-Check sa online. Para sa mga online na transaksyon sa credit/debit card, ang aming tagaproseso ng pagbabayad sa card ay naniningil ng 2.25 porsyento na bayad sa serbisyo.

Maaring bisitahin ng mga nagbabayad ng buwis ang <https://ttc.lacounty.gov/>, upang suriin ang mga pamamaraan ng pagbabayad at maraming iba pang mga online na mga opsyon sa sariling-serbisyo. Maaari ring tumawag ang mga nagbabayad ng buwis sa (213) 974-2111 para sa karagdagang impormasyon.

Maaaring mag-subscribe ang mga nagbabayad ng buwis upang makatanggap ng mga email na may kaugnayan sa buwis ng ari-arian mula sa Tesorera at Tagakolekta ng Buwis tungkol sa mga espesyal na abiso at paparating na mga kaganapan, tulad ng mga paalala ng pagtatapos (deadline) ng buwis sa ari-arian, mga pagbabago sa lokasyon ng opisina at iba pang mga balita. Upang mag-subscribe, maaaring pumunta sa Serbisyo sa Email na Abiso ang mga nagbabayad ng buwis sa ttc.lacounty.gov/eNotify.